IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume IV, Issue 6 June 2024, eISSN: 2799-0664

# Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral ng Batsilyer sa Sining sa Filipino

**JOSHUA D. PAYANGDO**
Benguet State University
joshuapayangdo@gmail.com

*Abstrak* — Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral partikular sa mga uri ng pangngalan at pandiwa ng mga mag-aaral. Nakapokus din ito sa pagtukoy sa mga kahinaan ng mga mag-aaral sa gramatika. Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Benguet State University at ang mga kalahok ay kumukuha ng kursong Batsilyer ng Sining sa Filipino na nasa unang taon.

Ang pinaghalong kwantitatibong at kwalitatibong pamamaraan partikular sa convergent parallel design ang ginamit ng mananaliksik upang masuri ang mga kinakailangang na impormasyon na may kaugnayan sa datos. Batay sa lumabas na antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa sa iba't ibang uri ng pangngalan: batay sa konsepto at kaukulan ay nasa antas na mababa, samantalang batay sa kayarian ay nasa antas na mataas. Pagdating naman sa pandiwa, sa aspekto ay nasa antas na napakataas. Sa pokus at kaganapan, pareho na nasa antas na mababa. Ang mga kahinaan ng mga mag-aaral na natukoy sa pangngalan ay ang pag-unawa sa mga ng pangngalan, ang posisyon ng pangngalan, ang paggamit ng pangngalan sa pangungusap, at ang mga alituntunin sa paggamit ng malaking titik at maliit na titik. Sa pandiwa naman ay lumabas naman ang kahinaan ng mga mga mag-aaral sa ugnayan ng pandiwa sa paksa at panaguri at kalituhan sa gamit ng mga pandiwa.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral masasabing ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa mga uri ng pangngalan ayon sa konsepto at kaukulan at sa pokus at kaganapan ng pandiwa.

Iminumungkahi na bigyang-pansin ang mga natukoy na kahinaan ng mga mag-aaral sa gramatika lalo na sa pandiwa at pangngalan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas maraming pagsasanay sa gramatika at pag-aralan ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa mga iba pang bahagi ng panalita.

***Keywords — Kakayahang panggramatika, ,Gramatikang Filipino, Pangngalan, Pandiwa***

## I. Introduksyon

Ang wika ay masasabing mahalaga sa buhay ng isang tao sapagkat ito ang nagsisilbing instrumento upang ipahayag ang ating mga saloobin o damdamin sa ating kapwa. Isang pinakamabisang kasangkapan sa pakikipagkomunikasyon at pakikisalamuha sa kapwa. Mapa salita man iyan o pasulat ito'y maging sandata sa ating pakikipagsapalaran at pagharap sa mga hamon sa buhay. Sa edukasyon nakasalalay ang paglinang sa mga kasanayang kailangan upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral hindi lamang sa pagdukal ng karunungan kundi pati na ang kakayahan ng mga mag-aaral makapamuhay nang maayos. Dahil dito, pinaunlad ang wikang Filipino upang makaagapay sa takbo ng panahon. Isang mahalagang salik nito ay ang paglinang ng kaisipan ng mag-aaral sa pagkatuto ng balarila. Ayon kay Lachica (2013), mahalaga

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

ang ginagampanan ng gramatika sa pagpapahayag. Hindi sapat ang pagpili ng mga salita lamang sa pagpapahayag bagkus kailangan ding nasusunod ang wastong kaayusan ng mga salita. Nagiging mahusay ang isang indibidwal sa pakikipagtalastasan kung siya ay may sapat na kakayahan sa gramatika. Kung gayon, ang kakayahang panggramatika at kakayahang pangkomunikatibo ay laging magkaugnay.

Ang gramatika ay isang agham sa paggamit ng salita at ang kanilang pagkakaugnay-ugnay. Isinasaalang-alang dito ang mga bahagi at tungkulin ng salita sa pangungusap (Tanawan, 2004). Upang magamit ng wasto ang mga salita, kinakailangang magtagal ang isang tao ng tinatawag na kakayahang panggramatika. Ang kakayahang panggramatika ay tumutukoy sa paggamit ng bantas, pagpapalit, pagbaybay, pagtatala, wastong gamit ng salita, kasingkahulugan at kasalungat (Bangayan, 2006).

Ang isang tao na maalam sa larangan ng gramatika ay may kaangkupan sa paggamit ng wastong deliberasyon ng kanyang balarila na kanya ring magagamit sa pagsulat ng isang makabuluhang pangungusap at may kahusayan sa komunikatibong pangwika tungo sa kanyang pagpapahayag nang may kagalingan at kalinawan sa pagpapahayag (Lee, 2015).

Ayon kay Wang (2010), ang pagkakaroon ng kasanayan o kagalingan sa balarila ay pundasyon ng pagkakaroon ng kahusayan sa wika, mahalaga ang balarila bilang bahagi ng wika sa pagtuturo, ang balarila ay epektibong paraan para sanayin ang mga mag-aaral sa pakikipagkomunikasyon gamit ang Ingles na wika, kaya sa kanyang pag-aaral ang balarila at ang kakayahang pangkomunikatibo ay iisa.

Sa pag- aaral din ni Epistola(2000), natuklasan na may kahinaan ang mga mag-aaral sa pagsulat sa aspekto ng morpolohiya, sintaks at leksikal. Sa morpolohiya, ang pinakamaraming kamaliang nagawa ay sa aspekto ng pandiwa. Sa kailanan, mas marami sa maramihan kaysa sa isahan. Sa sintaks, ang pinakamaraming kamalian ay sa maling gamit o pagkakaltas ng pangatnig, pang-ukol at pantukoy. Sa leksikal, ang pinakamarami ay sa maling gamit ng salita, kaayusan ng salita, at maling gamit ng panuring.

Sa pandiwa naman, kung ibabatay sa resulta, masasabing nahirapan ang mga mag-aaral sa pokus ng pandiwa anuman ang kolehiyong kanilang kinabibilangan. Ito ang kategorya ng pandiwa na pinakamahirap para sa mga mag-aaral. Nagpapatunay lamang ito na kulang ang kahusayan ng mga mag- aaral sa pagsusuri ng ugnayan ng mga salita sa loob ng pangungusap kaya hirap silang matukoy ang pokus ng pandiwa. Tumutukoy ang pokus sa ugnayan ng pandiwa at paksa ng pangungusap at matutukoy ito sa pamamagitan din ng pagsusuri sa mga panlaping ginamit sa pandiwa (Lartec at Perey, 2011).

Ayon kay Avelino (2020), napansin ng mananaliksik na kahit mahusay ang mga mag-aaral sa pangangalan, may ilang bahagi na kailangan pa rin na kailangang pagtuunan ng pansin katulad ng kauukulan at konsepto nito dahil nalilito. Ayon kay Mintas (2013), isa sa mga nakakahadalang sa pagkatuto ng wika ay ang kahinaan sa gramatika.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Isinaad sa libro ni Nolledo (2004) na dapat magsagawa ng mga hakbangin ang pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika sa sa sistemang pang-edukasyon.

Sa kasalukuyan ay maraming mga pananaliksik ang isinagawa patungkol sa gramatika ng wikang Filipino ngunit kakaunti ang sumaliksik sa bahagi ng panalitang pangnilalaman. Hindi rin nabigyan pansin kung ano ang tiyak na kahinaan ng mga mag-aaral sa mga uri ng panalitang pangnilalaman. Ito ang nagbunsod sa mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito upang malaman ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa bahagi ng panalitang pangngalan at pandiwa. Bilang guro na nagtuturo ng gramatika, mahalagang matukoy ang kahinaan ng mga mag-aaral sa bawat uri nito upang pagtuunan pansin para mapabuti ang kanilang kakayahan. Inaasahan sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay magagabayan ang mga mananaliksik at mga guro ng Filipino sa pagbuo ng mga angkop na gawain, at maidisenyo ang anumang interbensyon na tutugon sa suliranin na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng grammatikang Filipino. Ayon kay Tomas (2023), napakahalaga ng pagkakaroon ng malalim na kaalaman patungkol sa pangalawang wika at upang makamit ang pagiging dalubhasa dito ay kinakailangang may karanasan at mahusay ang taong nagtuturo sa mga mag-aaral.

**Mga Kaugnay na Literatura**

Sa pagpapaliwanag naman ni Manaol (2014), ang gramatika ang tawag sa agham na tumatalakay sa mga salita at kanilang ugnayan. Ito ang nagsisilbing kaayusan ng salita o sa pagbuo ng mga pangungusap at organisasyon ng mga ideya. Ang wastong pagkakasunod-sunod ang gampanin ng gramatika sa pangungusap. Ito ang nagbibigay diin sa tamang pagpapakahulugan sa bawat ideya. Ang gramatika ay tungkulin sa wastong paggamit ng mga salita at sa kaibahan ng tama sa maling pangungusap upang maging wasto at malinaw ang pagpapahayag.

Ang gramatika ay isang agham sa paggamit ng salita at ang pagkakaugnay-ugnay nito. Binibigyang pansin ang bahagi at tungkulin ng mga salita sa pangungusap. Ang paglinang sa kakayahang panlinggwistika at panggramatika ay nakasaad sa binagong kurikulum sa edukasyon Tanawan (2004). Ayon kay Gannaban (2013) kadalasang sinasaklaw ng gramatika ang mga tuntunin sa palabuuan o palaugnayan ng alinmang wika, pasulat man ito o pasalita. Binibigyang-diin sa gramatika ang wastong gamit ng mga salita upang mabuo ang pangungusap at makapagbigay ng diwa o kaisipan. Sa pagsusuri sa kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral kinakailangang isaalang-alang din ang konsepto ng ponolohiya, morpolohiya, at sintaks. Hindi dapat masyadong bigyang-tuon ang pagbibigkas kung ito ay naiitindihan naman ang pahayag batay sa isang konteksto

Kung ang isang tao ay may malawak na kaalaman sa wika ng kanyang ginagamit, magagamit niya ito ng mabuti at mahusay kaya mahalaga ang kaalaman at kakayahan sa paggamit ng wika dito na pumapasok ang kahalagahan ng retorika (Belvez, 2003).

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Ang sapat na kaalaman sa kakayahang panggramatika ay isang matibay na pundasyon upang magkaroon ng tiwala sa sarili ang isang mag-aaral na makipagtalastasan sa kaniyang kapwa. Ang linguistic competence ay katayuan ng isang taong may kontrol o masteri sa porma o istruktura ng isang wika. Dito naipapakita ang kahusayan ng isang tao sa paggamit sa mga tuntunin ng wika (Badayos,1999).

## II. Metodolohiya

Disenyo ng pananaliksik

Pinaghalong kwantitatibong at kwalitatibong pamamaraan partikular sa sequential explanatory design ang gagamitin ng mananaliksik upang matukoy ang mga kinakailangang na impormasyon na may kaugnayan sa datos. Ayon kay Cresswell (2003) ang Sequential Explanatory Strategy ay pangungulekta at pag-aanalisa ng mga kwantitatibong datos na susundan ng koleksyon at pag-aanalisa ng mga kwalitatibong datos.

Populasyon at Lokasyon ng Pag-aaral.

Isinagawa ang pag-aaral sa Benguet State University, Panuruang Taon, 2023-2024. Ang napiling tagatugon sa pag-aaral ay mga mag-aaral ng Batsilyer sa Sining sa Filipino sa unang antas. Mahalagang malaman ang kakayahang panggramatika ng unang antas upang magkaroon ng ideya ang mga guro kung ano ang kailangang bigyan pansin kung kukunin nila ang Batayang Estruktura sa wikang Filipino sa ikalawang antas.

Mga Instrumento sa Paglikom ng Datos

Ang mga instrumento na ginamit sa pag-aaral sa paglikom ng datos ay ang talatanungan. Ginamit ang apat na puntusang *Likert Scale* sa pagkuha ng mga datos sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa bahagi ng panalitang pangnilalaman partikular sa pangngalan at pandiwa. Sa pangalawang suliranin ay ginamit ng mananaliksik ang gabay na pakikipanayam. Upang matiyak na makuha ang lahat na mga kailangang datos,inirekord ang isinagawang panayam gamit ang rekorder.

Paraan sa paglikom ng Datos

Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Tagapangulo ng Kagawaran ng Filipino. Pagkatapos pahintulutan ay ipapamudmud ang mga talatanungan. Ang binuong pagsusulit ay ipinasuri sa mga guro sa Filipino sa Benguet State University upang matiyak ang pagiging balido nito. Nagsagawa rin ng pakikipanayam sa mga mag-aaral upang malaman ang mga kahinaan sa pagkatuto ng gramatika ng wikang Fiipino. Lahat ng mga nakalap na impormasyon mula sa panayam ay dumaan sa transkripyon.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Pagtrato ng Datos

Ginamit sa unang suliranin ng pag-aaral ang *weighted mean* at pagraranggo upang matukoy ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral partikular sa mga uri ng pangngalan at pandiwa. Ang mga nakalap na datos idadaan sa masusing pagsusuri gamit ang *Likert Scale* o apat na puntosang eskala.

| BILANG | PAGLALARAWAN | DESKRIPSIYON |
|---|---|---|
| 1.0-1.75 | Mababa | Hindi mahusay at napakaraming kamalian sa gramatika |
| 1.76-2.5 | Medyo Mababa | Katamtaman ang husay gramatika dahil marami pa ring kamalian sa gramatika. |
| 2.51-3.35 | Mataas | Mahusay sa gramatika pero may nakikita paring kamalian sa gramatika |
| 3.26-4.00 | Napakataas | Napakahusay dahil walang makitang kamalian sa gramatika |

Upang sagutin ang ikalawang suliranin, kailangang dumaan sa transkripsiyon. Inilipat ng mga mananaliksik ang mga pahayag ng mga mag-aaral mula sa video o audio tungo sa teksto (transkripsiyon). Kinopya at sinuri ng mga mananaliksik ang pahayag. Sinuri rin ang mga tugon ng mga mag-aaral. Ginamit ang coding para sa pangkalahatang datos. Ang huling hakbang ay ang interpretasyon ng mga tema o resulta. Layunin nito na maunawaan ang kahalagahan ng mga tema at ang paggamit ng wikang Filipino sa pagsulat ng mga salaysay sa iba't ibang kaso.

## III. Resulta at Diskusyon

### Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral ng Batsilyer ng Sining sa Filipino

Isa sa mga kasanayang mahalaga na dapat paunlarin ng mga mag-aaral, lalo na ng mga nagsusumikap na maging dalubhasa sa Filipino, ay ang kanilang kasanayan sa gramatika.Sa pagpapaliwanag naman ni Manaol (2014) ang gramatika ang tawag sa agham na tumatalakay sa mga salita at kanilang ugnayan. Ito ang nagsisilbing kaayusan ng salita o sa pagbuo ng mga pangungusap at organisasyon ng mga ideya. Ang wastong pagkakasunod-sunod ang gampanin ng gramatika sa pangungusap. Ito ang nagbibigay diin sa tamang pagpapakahulugan sa bawat ideya. Ang gramatika ay tungkulin sa wastong paggamit ng mga salita at sa kaibahan ng tama sa maling pangungusap upang maging wasto at malinaw ang pagpapahayag.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

**Pangngalan**

Sa Talahanayan 1 ay makikita ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa pangngalan. Binigyang-pansin dito ang mga uri ayon sa konsepto, ayon sa kayarian at ayon sa kaukulan.

**Talahanayan 1. Antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa mga uri ng pangngalan.**

| URI NG PANGNGALAN | WEIGHTED MEAN | DESKRIPSYON |
|---|---|---|
| 1. Ayon sa konsepto | 1.22 | Mababa |
| 2. Ayon sa kayarian | 2.59 | Mataas |
| 3. Ayon sa kaukulan | 1.24 | Mababa |

Pananda:

| | |
|---|---|
| 3.26-4.00 | Napakataas |
| 2.51-3.25 | Mataas |
| 1.76-2.50 | Medyo mababa |
| 1.0-1.75 | Mababa |

Mapapansin sa talahanayan na halos ay nasa statistical limit na mababa maliban sa pangngalang ayon sa kaanyuan na nasa statistical limit na mataas. Batay sa lumalabas na resulta ng pagsusuri nangunguna rito ang pangngalan ayon sa batayan na may1.22. Ito ay sinundan ng pangangalang ayon sa kaukulan na May 1.24 at pangngalang ayon sa kanyuan na 2.59. Ang mga datos na nakalap ay nangangahulugang kailangan pang linangin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mga pangngalan lalo na sa kaukulan at konsepto na parehong may antas na mababa. Ang mataas na antas sa kayarian ay nagpapahiwatig na hindi rin masyadong malinaw ang mga ito sa mga mag-aaral kaya kailangan pan bigyang-pansin. Ayon kay Avelino (2020), napansin ng mananaliksik na kahit mahusay ang mga mag-aaral sa pangangalan, may ilang bahagi na kailangan pa rin na kailangang pagtuunan ng pansin katulad ng kauukulan at konsepto nito dahil nalilito. Ayon kay Mintas (2013), isa sa mga nakakahadalang sa pagkatuto ng wika ay ang kahinaan sa gramatika.

**Pandiwa**

Sa Talahanayan 2 ay matutunghayan ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pandiwa partikular na sa aspekto ng pandiwa, pokus ng pandiwa at kaganapan ng pandiwa. Batay sa mga nakuhang datos, mapapansin na napakataas ng antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa aspekto ng pandiwa at ang pokus at kaganapan ng pandiwa ay parehong nakakuha ng antas na mababa. Ito ay nagpapahiwatig na alam na alam na ng mga mag-aaral ang tungkol sa aspekto ng pandiwa ngunit hindi pa malinaw sa kanila ang pokus at kaganapan ng pandiwa. Nahihirapan silang kumilala sa relasyon ng pandiwa at panaguri at relasyon ng paksa at pandiwa kaya nangangailangan ng mas maraming pagsasanay sa bahaging ito.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 2. Antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa mga bahagi ng pandiwa.**

| URI NG PANDIWA | WEIGHTED MEAN | DESKRIPSYON |
|---|---|---|
| 1. Aspekto ng Pandiwa | 3.95 | Napakataas |
| 2. Pokus ng Pandiwa | 1.42 | Mababa |
| 3. Kaganapan ng pandiwa | 1.48 | Mababa |

Pananda:

| | |
|---|---|
| 3.26-4.00 | Napakataas |
| 2.51-3.25 | Mataas |
| 1.76-2.50 | Medyo mababa |
| 1.0-1.75 | Mababa |

Ito rin ay sinang-ayunan ng pag-aaral ni Barientos (2008) sa pagbanggit ni Mintas, dahil lumabas sa kanyang pag-aaral na napakahina ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap at sa ugnayan ng simuno ay panaguri. Ayon kina Lartec at Perey (2012), nalilito ang mga mag-aaral sa gamit ng pandiwa. Ayon sa pananaliksik na isinagawa ng Abyado (2016) sa kanyang pag-aaral, lumabas na mababa rin ang antas ng kakayahan na nagpapakadalubhasa sa Filipino sa pagkilala sa paksa ng pangungusap. Ayon naman ay Estioco (2020) na sa kaniyang pananaliksik nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagkilala sa kaugnayan ng paksa sa pandiwa sa loob ng pangungusap. Hindi rin nila matiyak kung ano ang anyo ng pandiwa ang gagamitin sa pagbuo ng pahayag.

## Mga Kahinaang Panggramatika ng mga Mag-aaral

### Mga Kahinaan ng mga Mag-aaral sa Pangngalan

Isa sa mga layunin ng kasalukuyang pag-aaral ay ang matukoy ang mga kahinaan na sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa gramatika ng wikang Filipino. Sa pagsusuri na isinagawa sa mga nakalap na datos, lumitaw ang mga sumusunod na kahinaan:

**Pag-unawa sa pangngalan.** Ang unang kahinaan na madalas nararanasan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng gramatika ng Wikang Filipino ay ang kahinaan sa pag-unawa sa mga iba't ibang uri ng pangngalan. Ito ay maaaring magdulot ng kalituhan sa kanila at maging sanhi ng hindi pagkakaintindihan sa tamang gamit ng mga ito. Ang pagiging hindi malinaw sa mga konsepto at kaalaman tungkol sa mga uri ng pangngalan ay maaaring maging hadlang sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa pagsasalita at pagsusulat sa wikang Filipino. Kaya mahalaga na bigyan ng pansin at pag-aaral ang mga ito upang mapalawak ang kanilang kaalaman at maiwasan ang mga pagkakamali sa paggamit ng mga salita.

Batay sa mga nasuring pahayag ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-aaral ng mga pangngalan at ang mga konsepto at kaalaman na kaakibat nito. Batay sa datos, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pag-unawa sa iba't ibang uri ng pangngalan. Ang kakulangan sa kaalaman at dami na kailangan matutunan ay nagreresulta sa kanilang pagkabigo sa pagtukoy

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

pangngalan.Patunay ang naging resulta ng mga pag-aaral nina Taguba (1987), Tibagacay (2001), Hufana at Minong (1983) at Lartec (2002); kung saan, natuklasang may kahinaan sa pangngalan ang mga mag-aaral dahil kabilang ito sa mga nanguna sa ranggo ng mga kamalian nila sa pagpapahayag. Sa proseso ng pag-aaral ng mga pangngalan, mahalaga na matutuhan ng mga mag-aaral ang tamang pagtukoy sa uri ng pangngalan. Ngunit hindi sapat na alamin lamang ang konsepto ng pangngalan, kailangan ding maunawaan ang kahulugan at importansya nito sa pakikipagtalastasan at pakikipag-ugnayan sa iba. Ang pagsasanay sa tamang paggamit ng mga pangngalan ay magbibigay daan sa mas mabisang komunikasyon at pag-unawa sa mga ito.

**Posisyon ng pangngalan sa pangungusap.** Isa ring natukoy na kahinaan ng mga mag-aaral sa pangngalan ay ang tamang posisyon nito sa loob ng pangungusap. Ang tamang pagtukoy sa posisyon ng pangngalan sa loob ng pangungusap ay mahalaga upang maging malinaw at epektibo ang mensahe na nais iparating ng tagapagsalita o manunulat. Sa tamang pagtukoy sa posisyon ng pangngalan, mas maihahayag ang kaisipan at layunin ng isang teksto sa kanyang mga mambabasa. Kaya't mahalaga na maunawaan ng bawat isa ang mga konsepto at posisyon ng pangngalan upang mapabuti ang komunikasyon at pagpapahayag ng kanilang mga ideya at opinyon.

Sa mga pahayag na nasuri malinaw na lumilitaw ang pagkakalituhan ng mga mag-aaral sa pagtukoy ng mga pangngalan sa loob ng pangungusap at nagunguna ang kaukulang palagyo na kamalian. Sa mga pahayag, patunay na ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa posisyon na kinabibilangan ng mga pangngalan. Naging mahirap na kanilang pakatandaan na matatagpuan ang pangngalang simuno at pangngalang pamuno sa simuno sa bahagi ng simuno sa pangungusap. Habang ang pangangalang kaganapan pansimuno at pamuno sa kaganapang pansimuno ay matatagpuan sa bahagi ng panaguri ng pangungusap.

Ayon kay Yu (2008), ang resulta ng statistic ay nasa walumpung bahagdan (80%) na nagsasabi na ang dahilan nila sa hindi pagkatuto ng Ingles ay ang struktura ng wika, problema sa pagbabasa, balarila, pagsasalin at pagsusulat at ito ay maaari rin mangyari sa wikang Filipino, may mga pagkakataon na hirap ang mga Pilipino pagdating sa istruktura ng wika. Ayon naman kina Bisa at Cruz (2014) higit na mabisa at masining ang isang pagpapahayag gamit ang gramatika kung isinasaalang-alang ang higit na natural na istruktura. Mahalaga ang pagkakasunod-sunod na posisyon ng bawat salita. Marapat din na bigyang pansin ang paraan ng paghahanay ng mga salita sa isang pahayag dahil hindi kanais-nais sa pandinig sa isang pangungusap kung magulo ang mga hanay ng salita.

**Gamit ng pangngalan sa pangungusap.** Ang pangngalan ay bahagi ng panalita na tumutukoy sa mga bagay, tao, hayop, lugar, pangyayari o kaisipan. Ito ang nagbibigay ng katauhan o pangalan sa ating pinag-uusapan. Mahalaga ang tamang paggamit ng pangngalan para sa malinaw at epektibong komunikasyon. Ang pangngalan maaaring maging simuno o panaguri sa pangungusap. Mahalaga ang kahalagahan ng pangngalan sa pagbuo ng mga pangungusap para sa tamang pagpaparating ng mensahe.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Mula sa mga sinuring pahayag ang naging kahinaan ng mga mag-aaral ang kung ano ang gamit ng pangnglan sa pangungusap at maging sa komunikasyon. Partikular na nababanggit dito ang kahalagahan ng paggamit ng pangngalan sa mga iba't ibang bahagi ng pangungusap. Ang pangngalan ay itinuturing na nasa kaukulang palagyo kapag ito ay ginagamit bilang paksa ng pangungusap, panaguring pangngalan, pangngalang pantawag, pamuno ng paksa, at pamuno sa kaganapang pansimuno. Ang paksa ng pangungusap ay isang mahalagang bahagi ng pagsasalita na gumagamit ng pangngalang bilang sentro ng pahayag. Maaring ito ay nasa karaniwang ayos o kabalikang ayos, depende sa layunin ng pangungusap. Sa kabilang banda, ang pamuno ng paksa, sa kabilang dako, ay naglalaman ng paliwanag o linaw hinggil sa pangngalang nasa unahan nito. Samantala, ang pamuno sa kaganapang pansimuno ay naglilinaw sa kaganapang pansimuno, na siyang nagbibigay ng direksyon o pagtukoy sa kilos ng pangungusap. Sa mga pahayag naging mahina sila sa pagtukoy sa gamit ng kaganapang pansimuno at pamuno sa kaganapang pansimuno. Ito ay kapwa matatagpuan sa bahagi ng panaguri, ang bahagyang pagakakaparehas ng konsepto nito ang siyang naging sanhi upang sila ay mahirapan sa pagtukoy sa gamit ng mga ito. Ayon kay Chomsky sa pagbanggit ni Macareg (2023), ang wika ay proseso ng paglikha; ang mga tutunin ng paglikha ay malaya at nagkakaiba-iba. Maging ang interpretasyon at gamit ng mga salita ay kinasasangkutan ng proseso ng malayang paglikha. Ginagamit ang pamamaraang ito sa pagpapaabot ng kaisipan at damdamin sa pamamagitan ng pagsasalita at pagsulat .

Sa ganitong paraan, napakahalaga na maunawaan ang tamang paggamit ng mga pangngalan sa pagbuo ng mga pangungusap upang maging mas eksakto at detalyado ang iyong pahayag. Mahalaga rin na tukuyin ang wastong kategorya ng bawat pangngalan upang maiwasan ang anumang pagkakamali sa pagsasalin ng kahulugan.

**Tuntunin ng malaki at maliit na titik.** Isa sa mga karaniwang pagkakamali ng mga mag-aaral ay ang pagkakamali sa paggamit ng malaking tiktik at maliit na tiktik. Kapag sila ay sumusulat, madalas na nakakalimutan nila kung paano dapat gamitin ang malalaking tiktik sa iba't ibang uri ng pangngalan. Ang wastong paggamit ng mga tiktik ay mahalaga upang maiwasan ang pagkakamali at mapanatili ang kahusayan sa pagsusulat. Kaya't mahalaga na bigyan ng pansin at pag-aaral ang tamang paggamit ng mga titik upang maging epektibo at mabisa ang bawat akda o sulatin na kanilang ginagawa.

Sa pananaliksik ng Gurango (2022) lumabas na isa sa mga kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ay ang gamit ng malaki at maliit na titik. Ayon sa pag-aaral rin ni Piswec (2022), kapansin-pansin ang paggamit ng mga mag-aaral ng malaking titik sa kalagitanaan ng pangungusap kahit hindi naman ito tumutukoy sa tiyak nga ngalan ng tao lugar,o pangyayari. Gayundin naman ay natuklasan niya sa kanyang pag-aaral na ginamit ng mga mag-aaral ang maliit na titik kahit hindi tanging ngalan ng tao, lugar o pangyayari ang tinutukoy.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

**Mga kahinaan ng mga Mag-aaral sa Pandiwa**

Isa sa mga layunin ng kasalukuyang pag-aaral ay ang matukoy ang mga kahinaan na nakaaapekto sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa gramatika ng wikang Filipino. Sa pagsusuri na isinagawa sa mga nakalap na datos, lumitaw ang mga sumusunod na kahinaan:

**Pagkilala sa ugnayan ng pandiwa sa paksa at panaguri.** Ang relasyon ng mga salita ay isang pundamental na aspeto sa pag-aaral ng wika. Ito ay nagbibigay-daan sa wastong paggamit ng mga salita sa pangungusap. Sa pamamagitan ng tama at maayos na pagkakasunod-sunod ng mga salita, mas maiintindihan ng mambabasa ang mensahe na nais iparating ng may-akda. Ang pagtukoy sa pokus at kaganapan ng pandiwa ay nakabatay sa kakayahang makilala ang ugnayan ng pandiwa sa paksa at panaguri ng pangungusap.

Mula sa mga pahayag, isa sa mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pandiwa ay ang pagkilala sa ugnayan ng mga salita upang maipakita nila kung ano ang tinutukoy ng pokus ng pandiwa. Ang pokus ng pandiwa ay tumutukoy sa relasyon ng pandiwa sa paksa ng pangungusap kapag binago ang pokus ng pandiwa.

Sa pag-aaral ni Lartec (2013) sa pandiwa naman, kung ibabatay sa resulta, masasabing nahirapan ang mga mag-aaral sa pokus ng pandiwa anuman ang kolehiyong kanilang kinabibilangan. Ito ang kategorya ng pandiwa na pinakamahirap para sa mga mag-aaral. Nagpapatunay lamang ito na kulang ang kahusayan ng mga mag aaral sa pagsusuri ng ugnayan ng mga salita sa loob ng pangungusap kaya hirap silang matukoy ang pokus ng pandiwa.

Ayon Kina albuana et al. (2015), ang pag-aaral ng anyo, uri ng salita, wastong gamit, at wastong pagkakaugnay-ugnay ng mga salita sa isang pahayag upang makagawa ng malinaw na kaisipan o diwa ay tinatawag na balarila o gramatika. Samakatuwid, ang gramatika ay nakatuon sa wastong kayarian ng wika sa kasanayangt pagsulat at pagsalita.

**Kalituhan sa gamit ng pandiwa sa pangungusap.** Isa sa mga hamon na madalas hinaharap ng mga mag-aaral ay ang nagkakaroon sila ng kaguluhan sa pagtukoy sa tamang kahulugan ng bawat konsepto ng pokus ng pandiwa. Ito ay maaaring magdulot ng kalituhan at hindi pagkakaintindihan sa kanilang mga aralin.

Batay sa mga nasuring pahayag ay nalilito ang mga mga mag-aaral sa pagkakaiba ng pokus ng pandiwa na direksyunal at lokatib. Ang dalawang uri ng pokus ng pandiwa na ito ay madalas na nagiging sanhi ng pagkakamali dahil sa kanilang pagkakahalintulad.

Sa pamamagitan ng wastong pag-unawa sa dalawang konsepto na ito, mas maiiwasan ang pagkakaroon ng maling interpretasyon sa pagbuo ng mga pangungusap. Kaya mahalagang bigyan ng pansin at sapat na kaalaman ang mga ito upang mapanatili ang kahulugan at tamang pagkakasunod-sunod ng mga salita. Ang ilan sa nasabing halimbawa kung tutuusin ay maliliit na salita lamang. Bagkus, pinuna nito ang maling paggamit ng mga karaniwang parirala na aklat ng

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

nakararami ay wasto. Ayon naman kay Macasmag (2011) kung natuto ang isang bata sa gramatika nagiging maalam ito at napapayaman ang kanyang pahayag. Yumayabong ang kaalaman nito kapag madalas ang pakikipag-usap. Ayon kay Angel (2022) mahalagang magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga mag-aaral upang magamit niya nang tama, wasto ang wika at hindi magkaroon ng kalituhan. Ayon kay Dayao (2022), may mga salitang ginagamit na masasabing tama o wasto na maari itong magpalitan o malayang magpalaitan ayon sa pagkakagmit ngunit kung ibabatay sa mga tuntuning pambalarila ay mali pala.

Batay sa mga datos na nakuha, mapapansing ang mga natukoy na nakakuha ng mababang antas sa unang suliranin ay tumutugma sa mga lumabas na kahinaan ng mga mag-aaral .

Sa pangngalan, lumabas na mababa ang antas ng kanilang kakayahan sa konsepto at kaukulan ng pangngalan. Sa pagtukoy sa mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pangngalan lumabas na ang kahinaan sa pagtukoy sa konsepto, posisyon at gamit ng pangngalan sa pangungusap. Ito ay nagpapahiwatig na ang lumabas na kahinaan ay tumutugma sa lumabas mula sa isinagawang pakikipanayam.

Sa pandiwa naman, lumabas mababa ang antas ng kanilang kakayahan sa pokus at kaganapan ng pandiwa na pinatotohanan ng mga nakalap na datos sa sa isinagawang pakikipanayam. Lumabas na ang pagkilala sa ugnayan ng pandiwa sa paksa at panaguri at ang pagtukoy sa gamit ng mga pandiwa sa pangungusap ang kahinaan ng mga mag-aaral sa pandiwa.

## IV. Kongklusyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral masasabing ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa mga uri ng pangngalan ayon sa konsepto at kaukulan at sa pokus at kaganapan ng pandiwa.

## V. Rekomendasyon

Bigyang-pansin ang mga natukoy na kahinaan ng mga mag-aaral sa gramatika lalo na sa pandiwa at pangngalan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas maraming pagsasanay sa gramatika. Iminumungkahi rin na pag-aralan ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa mga iba pang bahagi ng panalita.

## TALASANGGUNIAN

[1] Abyado, R.O.2016. Pagsasanay Pangwika para sa mga Mag-aaral na Nagpapakadalubhasa sa Filipino. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.
[2] Angel, R 2002. Karaniwang Kamalian Panggramatika samga Akademikong sulatin. Di nalathalang Tesis. Benguet State University, La Trinidad, Benguet

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

[3] Avelino M.D. 2020. Kakyahang Panggramatika ng mga mag-aaral na Nagpapakadalubhasa sa Filipino. Di-nailathalang Tesis, Benguet State University, La Trinidad, Benguet.
[4] Badayos, P. 1999. Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika: Mga Teorya, simulain at Istratehiya. Makati City. Grandwater Publications and research Corporation.
[5] Bangayan, D. 2006. Kahinaan ng mga Mag-aaral sa Pagsaulat ng Komposisiyon sa Ikatlong Taon ng mga Paaralang Sekundarya ng Kanlurang Tabuk, Di Nalathalang Tesis, San Luis, Bulana.
[6] Belvez, P. 2002. Retorika: Mabisang Retorika sa Wikang Filipino. Quezon City. Rex Bookstore, Inc.
[7] Bisa at Cruz, (2014) Pagpapaliwanag ng gramatika https://gramatikangfilipino.meaningandrules.tips//43- html
[8] Chomsky, N. 1965. Aspect of a Theory Syntax. Cambridge
[9] Epistola, L. C. 2000. Pambalarilang Kamalian sa Pagsulat ng mga mag-aaral sa unang taon ng Kursong Edukasyon ng Baguio Colleges Foundation. Unpublished Master's Thesis, Benguet State University, La Trinidad, Benguet.
[10] Gannaban, M. 2013. Dalawang Kaso: Kunwari? O Halimbawa? Alin sa sinong siya? Tao o Bagay?
[11] Gurango, E 2022. Kamalian Panggramatika sa pagsulat ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Di nalathalang Tesis. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.
[12] Hufana, E., & Minong, B. (1983). Errors committed by MSAC college freshmen in dicto-comp exercises. PES Forum1, No. 2.
[13] Lachica, V. 2013 Wika ng Retorika. Manila. MK. Imprint.
[14] Lartec, N. (2002). Pasalitang kakayahang panlinggwistika ng mga mag-aaral ng Filipino sa Sablan National High School. Unpublished master's thesis. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.
[15] Lartec, Norbert C.&Perrey, Gemam. (2013). Kakayahang Panggramatika sa Filipino ng mga Mag-aaral sa University of the Cordilleras. Retrieved from https://www.docsity.com/en/kakayahang- panggramatika-sa-filipino/7386638/ Hunyo 27,2023.
[16] Lartek, N.C. At G. M Perey. 2010. Kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral sa University of the Cordilleras. Di Nalathalang Tesis. University of the Cordilleras, Baguio City.
[17] Lee, J. 2015. Grammar. Singapore Asia Publisher
[18] Lee, A. M. 2014 Instructional Intervention. Nakuhsa sa www. Understood. Org/en/learning-thingking-differences/treatmentsapproaches/educational-strategies/instructiona l-intervention-what-you need-to-know hinago noong Marso 4, 2020
[19] Macasmag, (2011) Pagpapakahulugan sa Pandiwa.http://angpandiwa.html.jdshgccc.89cbdshcv.online//
[20] Manaol, Jirah (2014) Ang gramatika. https://www.edu.aims.asdh.meanings//98jf.wiki.kumo.oficcial.
[21] Mintas, A.A. 2013. Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral na Nagpapakadalubhasa sa Filipino. Di Nailathalang Tesis. Benguet State University, La Trinidad,
[22] Benguet
[23] Nolledo, J. 1994 The Constitution of the Republic of the Philippine. Manila: National Book Store.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

[24] Piswec, D. B. 2022. Sikolinggwistikang Pagsusuri sa pagsulat ng Talaarawan ng mga Mag-aaral sa unang taon ng Benguet State University, La Trinidad Benguet

[25] Taguba, R. (1987). An evaluation of the written compositions of fourth year high school students as elicited through non-verbal stimuli. Unpublished Ph.D. dissertation. Saint Louis University, Baguio City.

[26] Tanawan, D. S. 2004. Sining ng Mabisang Komunikasyon. Bulacan: Trinitas Publishing Incorporation.

[27] [26[ Tanawan, D. 2007. Sining ng Mabisang Komunikasyon. Bulacan: Trinitas Publishing Incorporation.

[28] Tanawan D., J. Lartec, at A. NACIN. 2007. Istruktura ng wikang Filipino. Cabanatuan City. Jimcy Publishing House.

[29] Tibangacay, M 2001. Karaniwang Kamalian sa Pagsulat sa Wikang Filipino ng mga Kadete sa Akademyang Militar ng Pilipinnas. Di nalathalang Tesis. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[30] Tomas, D. S. (2023). Assessment of the Implementation of Mother Tongue Based-Multilingual Education in the Province of Benguet. E Dawa, 3(1). https://doi.org/doi.org/10.56901/FKAE5866

[31] Wang, Feng Juan. (2010) The Necessity of Grammar Teaching Commerce College of South-Central University for Nationalities Hongshan District, Wuhan, Hubei Province430065, China; June 2010http://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1081617.pdf

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved